What is Conciliation?

Translation in Tagalog

Ano ang Pakikipagkasundo?

Introduksyon

Ang Equal Opportunities Commission (EOC) ay pangkat na binigyang kapangyarihan ng batas upang mamahala sa lehislasyon laban sa diskriminasyon. Ang mga batas laban sa diskriminasyon ng Hongkong ay ginagawang posible para doon sa mga nakaramdam ng pagmamaltrato, sa pamamagitan ng labag sa batas na kilos ng diskriminasyon o mga kilos ng harassment, upang makahingi ng tulong mula sa EOC. Ito ay nagagawa sa pammagitan. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng mga reklamo na pinapangasiwaan ng EOC.

Sistema ng Mga Reklamo

Ang sistema ng mga reklamo ay para sa paglulutas ng mga pagtatalo sa pagitan ng mga panig sa pamamagitan ng pakikipagsundo. Kapag mayroong nagsampa ng reklamo sa pamamagitan ng isang kasulatan sa EOC, hinihiling ng batas na magsagawa ng isang imbestigasyon sa reklamo at subukan na aregluhin ito maliban lamang kung ipinatupad nito sa ilalim ng mabuting pagpapasya ang paghihinto ng imbestigasyon.

Ibinabalangakas ng batas ang mga kondisyon kung paaano maaaring ipahinto ang imbestigasyon ng mga reklamo. Ang kapangyarihan na ihinto ang isang imbestigasyon ay ipapatupad sa isang maingat na paraan, na binabalanse ang mga karapatan ng nagrereklamo at ang mga karapatan ng at ang mga karapatan ng inirereklamo.

Dapat na panatiliin ng EOC ang isang independiyente at walang kinikilingan na tungkulin sa parehong mga proseso ng imbestigasyon at pagkakasundo. Hindi kumakatawan ang EOC para sa kahit na aling panig ng reklamo. At, hindi tungkulin ng EOC na pagpasyahan ang isang partikular na reklamo. Ito ay tungkulin ng korte.

Pakikipagsundo

Ang layunin ng pakikipagsundo ay ang pagbubuklod sa iba’t ibang panig upang makahanap ng mga paraan upang malutas ang hindi pagkakasunduan. Ang pakikipagsundo ay naghahanap ng iisang batayan upang makatulong sa paglulutas ng paksa ayon sa kasiyahan ng parehong panig upang malampasan ng dalawa ang hindi pagkakasunduan. Dahil pinapahintulutan ng proseso ang parehong hindi nagkakasundo na panig na makapagsalita, mas mayroong posibilidad na higit na maunawaan ng bawat panig ang paninindigan ng isa't isa. Maaari nitong maalis ang anumang hindi pagkakaunawaan o impormasyon at upang matamo ang isang tunay na pagbabago sa kaugalian. Lahat ng impormasyon na nalikom sa proseso ng pakikipagsundo ay pinananatiling kompidensyal at hindi handang magamit sa mga paglilitis ng korte.

Ganap na kusang-loob ang pakikipagsundo. Kung sakali man na umabot sa isang kaayusan, ang kasuguan na nalagdaan ng mga panig ay itinuturing bilang isang kontrata at may pananagutang-legal. Ang kaayusan sa pakikipagsundo ay maaaring sa anyo ng paghingi ng katawaran, mga pagbabago sa mga patakaran at pamamalakad, pagrepaso ng nga pamamaraan sa pagtrabaho, atbp.

Legal na Tulong

Kung hindi magtagumpay ang pakikipagsundo, maaaring mag-aplay ang mga nagrereklamo sa EOC ng legal na tulong. Lahat ng mga aplikasyon hinggil sa tulong ay isinasaalang-alang ng Legal and Complaints na Komite ng EOC.

Ano ang pakikipagsundo

Ano ang pakikipagsundo?

Nakakatulong ang pakikipagsundo sa iba’t ibang mga panig na makapag-areglo ng isang kaayusan sa pamamagitan ng:

-- pagkikilala sa mga isyu at pag-uunawa ng mga katotohanan at mga pangyayari

-- pagtatalakay ng mga problema

-- pag-uunawa sa mga pangangailangan ng mga panig
-- paghahantong sa isang kasunduan na tanggap ng bawat panig

Ano ang mga kapakinabang ng pakikipagsundo?

-- Walang bayad ang pakikipagsundo
-- Mas kaunting panahon ang kailangang ilaan kaysa sa pagdala nito sa korte
-- Hindi mailalantad sa media ang mga indibiduwal na panig
-- Hindi gaanong pormal kumpara sa isang paglilitis sa korte
-- Ito ay kusang-loob

Maaari ba akong humiling ng isang pakikipagsundo?

-- Sa pangkalahatan, magsasagawa ang EOC ng isang imbestigasyon at magdedesisyon kung kailangan ihinto ang mga kaso o ipagpatuloy ang pakikipagsundo.
-- Kung saan naaangkop, susubukan ng EOC na ipagkasundo ang pagtatalo sa maagap na yugto nito sa proseso ng pangangasiwa ng reklamo. Ayon sa pamamalakad, ito ay itinuturing na isang “maagang pakikipagsundo”.
-- Kung nais ng isang panig na makipagkasundo bago matapos ang imbestigsyon, susubukan ng EOC ang maagang pagkakasunduan alinsunod sa pahintulot ng kabilang panig.

Paano ako makapaghahanda sa isang pakikipagsundo?

-- Maghandang magsalita at ipaliwanag ang inyong mga problema at pangangailangan
-- Maghandang makinig sa kabilang panig
-- Isama ang inyong kaibigan o abogado kung kinakailangan, pero kailangan mo munang ipaalam sa amin upang makuha namin ang pagsang-ayon ng kabiang panig. Kung hindi sumang-ayon ang kabilang panig, hindi ka maaaring magsama ng iba sa pagpupulong ng pakikipagsundo. Gayon man, maaaring maupo sa katabing silid ang inyong kasama nang sa gayon ay maaari itong makausap kapag kinakailangan.
-- Isaalang-alang ang mga posibleng kinahinatnan na nais mong

matamo
-- Maghandang talakayin ang mga posibleng kinahinatnan na ito

Ano ang aking gagawin sa pagpupulong para sa pagkakasundo?

Dapat kang aktibong makibahagi sa pamamagitan ng:
-- paghahayag ng maaga ng inyong kaso ng maaga
-- pagtatanong kung hindi mo maintindihan kung ano ang tinatalakay
-- pakikinig sa pananaw ng kabilang panig
-- pagbibigay ng mga mungkahi at pagsasaalang-alang ng mga opsyon sa paglutas ng pinagtatalunan
-- pakikipagtulungan upang makaabot sa pangwakas na kasunduan

Sino ang mga opisyal ng pakikipagkasundo?

-- Ang mga opisyal ng pakikipagsundo sa EOC ay mula sa iba't ibang mga katangian
-- Ang kanilang pagsasanay ay palagiang pinapabago
-- Hinihiling mula sa kanila na maging patas, independiyente at walang kinikilingan

Ano ang kanilang ginagawa sa pakikipagsundo?

Sila ay:
-- nagtitiyak na lahat ay mayroong pagkakataon na ipaliwanag ang problema
-- nanghihimok na ang bawat isa ay nakikinig kung ano ang isinasabi
-- nagtitiyak na lahat ng handang makuhang impormasyon ay nauunawaan at naisasaalang-alang
-- nanghihimok sa bawat isa na talakayin ang kaso at magtrabaho patungo sa isang kasunduan
-- nakikitungo sa lahat sa isang patas at walang kinikilingan na paraan
-- humihiling na galangin ang pagiging kompidensyal ng mga panig

Paano sila makakatulong sa akin?

Sila ay:
-- magtatalakay ng mga isyu hinggil sa pagtatalo sa pamamagitan ng

pagtatanong na binuo upang tulungan ang lahat ng mga panig sa pakikipagpalitan ng impormasyon

-- bumubuo at sinusuri ang mga opsyon sa paglulutas ng problema
-- nagbabalangkas ng kasunduan ng pag-aareglo ayon sa mga kahilingan ng mga panig at itala ang kinahinatnan

Pananatili bang kompidensyal ng namamagitan sa pakikipagsundo ang lahat ng aking sabihin sa kanya?

Oo, lahat ng impormasyon na nalikom o narinig sa isang pakikipagsundo ay itinuturing na kompidensyal at hindi gagamitin sa mga paglilitis sa korte.

Ano ang mga tedhana ng areglo ang maaari kong hilingin?

Ang mga tadhana ay nababatay sa mga pangyayari ng pagtatalo. Karaniwan, ang kabaliktaran ng pangyayari na nagpatungo sa reklamo. Halimbawa, kung ang isang tao ay natanggal sa trabaho, maaari niyang hilingin na mabalik muli sa trabaho. Kung siya ay tinanggihan para sa isang promosyon o pagkakadestino sa ibang lugar, maaari niyang hilingin ang iyong promosyon o pagkakadestino. Kung siya ay tinanggihan para sa isang pagsasanay, maaari itong gawin bilang isang kondisyon sa tadhana ng kasunduan. Ang iba pang mga posibleng bagay ay:

-- isang liham ng paghihingi ng tawad
-- pagpapatupad ng mga patakaran para sa patas na oportunidad
-- pag-aareglo hinggil sa pananalapi
-- pagbubuo ng pamamaraan para sa madaling paggamit ng mga pasilidad at gusali

Ang kasunduan ba ng areglo ay may bisa sa batas?

Oo. Ang kasunduan ay isang kontrata sa pagitan ng dalawang panig at may bisa sa batas.

Paano kung hindi matagumpay ang pakikipagsundo?

Kung ang pakikipagsundo ay hindi matagumpay, maaaring mag-aplay ang aplikante sa EOC para sa isang legal na tulong upang magsampa ng

sibil na demanda sa District Court (Korte ng Distrito). Ang pagkakaloob ng legal na tulong ay hindi tinitiyak.

Hindi maaasikaso ng EOC ang mga aplikasyon para sa legal na tulong maliban kung ang mga aplikante ay sumailalim sa sistema ng pagsasampa ng reklamo at pakikipagsundo ay napatunayan na hindi nagtagumpay. Sa nasabing mga baso, maaaring gawin ng EOC na, kung sa palagay nito ay naaangkop, magkaloob ng legal na tulong.

Sa ilalim ng batas, ang legal ng tulong ay maaaring ipagkaloob kung:

-- ang kaso ay tumatalakay sa isang paksa hinggil sa prinsipyo; o
-- hindi ito makatuwiran, dahil ang kasalimuutan ng kaso o ayon sa panindigan, upang asahan na pakitunguhan ng aplikante ang kaso bilang hindi matutulungan.

Maaari bang ako ang magsinula ng isang independiyenteng sibil na paglilitis?

Ang mga naapi ay maaaring magsagawa nang mag-isa ng mga sibil na paglilitis.

Saan ako Makakahingi ng Tulong?

Nandito ang EOC upang tulungan kayo. Mayroong mga dokumentong nakapagbibigay ng impormasyon hinggil sa mga batas ng diskriminasyon tulad ng "DDO and I" (Ako at ang DDO), "SDO and I" (Ako at ang SDO), "FSDO and I"(Ako at ang FSDO). Isang serye ng "Know Your Rights"(Alamin ang Iyong mga Karapatan) ukol sa Sexual harassment, Diskriminasyon sanhi ng Pagbubuntis, at iba pang mga paksa ay handa rin na makuha

Bumisita sa aming website sa: http://www.eoc.org.hk

Sumulat sa amin sa :

Equal Opportunities Commission

19/F, Cityplaza Three
14 Taikoo Wan Road
Taikoo Shing, Hong Kong
Tel : 2511 8211
Fax : 2511 8142

Website: http://www.eoc.org.hk

2009